# Updated na Bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024: Mga Lugar para sa Pangmatagalang Pangangalaga

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

### Ano ang updated na Bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024? Target ba nito ang mga pinakabagong variant?

Ang updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024 ay ang pinakabagong bakunang awtorisado ng Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot) at inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit). Sa pagdaan ng panahon, nagbago na ang virus na nagdudulot ng COVID-19 at naging iba-ibang variant. Target ng bakunang ito ang mga mas bagong variant na may kinalaman sa pinakamaraming impeksiyon at pagpapaospital sa Estados Unidos sa kasalukuyan. Sa tulong ng bakunang ito, naibabalik at nadaragdagan ang proteksiyon laban sa mga kasalukuyang variant.

### Sino ang dapat makatanggap ng updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-24?

Dapat makatanggap ang mga taong nasa hustong gulang ng 1 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024. Maaaring kailangan ng mga karagdagang dosis ng ilang taong nasa hustong gulang na immunocompromised.
Dapat ibigay ang updated na bakuna nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis kung nabakunahan na sila dati.

### Bakit mahalaga para sa mga kawani at residenteng nasa pangmatagalang pangangalaga ang updated na bakuna para sa 2023-24?

Mas marami kaysa noong nakaraang taon ang mga naospital para sa mga impeksiyon ng virus sa respiratory. Ang mga impeksiyong ito ay puwedeng magkasabay-sabay at maaaring makadagdag sa peligrong maospital o mamatay ang pasyente. Nagdaragdag ang mga bakuna ng layer ng proteksiyon mula sa impeksiyon para sa mga kawani at residente.



- Ang mga taong nasa hustong gulang na edad 65 taon pataas, lalo na ang mga nasa lugar ng Pangmatagalang Pangangalaga, ay lubos na nanganganib na magkaroon ng malulubhang komplikasyon mula sa COVID-19 at iba pang sakit sa respiratory dahil sa mahinang immune system.

### Paghikayat sa mga pamilya at sa kanilang mga residente na magpabakuna

Mahalagang makabuo ng tiwala sa mga kawani, residente, at pamilya. Mabubuo ang tiwalang ito sa tulong ng pakikipag-usap nang madalas at matapat hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng COVID-19 sa loob ng pasilidad at sa mga pamprotektang hakbang na isinasagawa ng mga kawani. Dapat maipaalam sa mga residente ng mga Pasilidad para sa Pangmatagalang Pangangalaga at sa kanilang mga pamilya na kapag mas maraming tao ang nakatira sa isang lugar, mas nanganganib silang malantad sa sakit. Ibahagi sa mga pamilya ang mga paraan kung paano nila mapananatiling mas ligtas ang mga miyembro ng kanilang pamilya at komunidad mula sa malubhang pagkakasakit, sa tulong ng pagiging updated sa pagpapabakuna sa COVID-19.

### Paano magbigay ng matibay na rekomendasyon sa bakuna:

- Ibahagi ang kahalagahan ng pagpapabakuna.
- Tugunan ang mga tanong at alalahanin ng mga residente, at ipaalala sa kanila na mas maraming benepisyo kaysa peligro ang pagpapabakuna.
- Ipaliwanag ang mga posibleng peligrong hatid ng sakit na COVID-19 (available sa Spanish) kapag hindi nagpabakuna.

Ang mga kawani ng Pasilidad para sa Pangmatagalang Pangangalaga ay humaharap sa mahirap na gawain ng pangangalaga sa mga taong maysakit habang sinusubaybayan ang kanilang mga sarili laban sa impeksiyon. **Protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga residente sa tulong ng updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-24.**



Washington State Department of HEALTH

**DOH 830-038, September 2023**, Tagalog. Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.